

1

Pinanood ni Evangeline Lorenzo na magliwanag ang langit sa labas ng kanyang bintana. Mula sa kulay abong kadiliman ng una niyang Irish night, naging kulay rosas at kahel iyon hanggang sa naging matingkad na asul na halos masakit na sa mga mata sa kagandahan.

Bumuntong-hininga si Evie at muling ibinalot ang comforter sa kanyang sarili. Hindi siya makapaniwala na nagkatotoo na ang matagal na niyang pangarap. She was in Ireland.

Mula pa noong bata siya at una niyang nabasa ang tungkol sa bansa, naisip na ni Evie na kailangang makarating siya roon bago siya mamatay. Ipinangako niya sa sarili na gagawin ang lahat marating lamang ang Ireland.

Kasama sa lahat ng gagawin niya ang pagsali sa isang website kung saan naging mail-order bride siya.

Alam niyang hindi si Patrick O'Reilley ang inaasahan niyang magkakagusto sa kanya. Naisip na niyang baka quadruple M—Matandang Mayamang Madaling Mamatay—ang manligaw sa kanya.

Inisip niyang kaya niyang tanggapin iyon basta ba makarating siya ng bansang pinapangarap.

Nang mag-email si Patrick sa kanya, nag-alangan pa siya dahil nakakalula ang kaguwapuhan ng binata sa larawang ipinadala nito. Dark brown ang buhok nito at matinkad na asul ang mga mata. He was boyishly handsome, kahit pa malapit na itong mag-cuarenta. Mukha itong boyband member na may charming na ngiti. Akala niya ay nag-upload lang ito ng larawan ng isang modelo na ninakaw nito sa Internet pero nang una silang mag-video chat ng binata, napatunayan niyang iyon talaga ang hitsura ng lalaki.

Mabilis silang nagkapalagayan ng loob hanggang sa maging magkaibigan na sila. Nalaman niyang magaan ang loob nito sa mga Pilipino dahil may dalawa itong half-brothers na half-Pinoy. Hindi nagtagal, inalok si Evie ng binata ng kasal at sinundo sa Pilipinas.

Ngayon nga, alam niyang nasa ibaba na ang kanyang fiancé at nagluluto ng almusal para sa kanila.

Muling bumuntong-hininga si Evie at kinagat ang pang-ibabang labi para hindi siya mapangiti nang mag-isa. For the first time, her life was going exactly as she hoped it would be.

Nagtungo siya sa banyo para maligo bago bumaba sa kusina ng pub na pagmamay-ari ng kanyang nobyo. Pansamantala, sa itaas siya ng pub titira habang hindi pa sila kasal ni Patrick.

Tulad ng Pilipinas, Catholic country ang Ireland at may pagkakonserbatibo lalo na sa kanilang bayan ng Sligo. Ayaw ni Patrick na pag-usapan siya ng kanilang mga kapitbahay. Kapag kasal na sila, saka na siya titira sa bahay nito. Wala namang problema sa kanya. Dito rin naman siya sa pub magtatrabaho bilang waitress.

Nang makababa si Evie, nakatayo na sa harap ng kalan ang kanyang fiancé at nagluluto na ng pancakes. Sinulyapan siya nito bago ito ngumiti.

“A pleasant morning to you, Sweetheart,” bati ni Patrick.

“Good morning, Honey,” tawa niya bago lumapit at hinalikan ito sa pisngi. Higit pa sa pagiging guwapo nito habang nasa tapat ng kalan at nagluluto, natutuwa rin siya sa Irish lilt na nasa paraan ng pagsasalita nito.

“Will you be wanting eggs and bacon with your griddle cakes?” tanong ng lalaki habang binabaliktad ang pancakes sa lutuan.

“Yes,” sagot niya. “I’ll cook.”

“Let me do it,” sabi ni Patrick. “I have tea for you at the table. Go and sit down. This won’t be long.”

Muli niya itong nginitian bago nagtungo sa mesa kung nasaan ang dalawang mug na may laman nang umuusok na tsa. Mas gusto niya sana ng kape pero rito sa Ireland, tsa ang uso. Naupo siya at tinimplahan ng asukal at gatas ang inumin. Susubukan muna niyang masanay. Kung hindi, saka na siya magmamakaawa para sa kape.

“Did you sleep well?” untag ni Patrick nang ibaba nito ang isang plato ng pancakes sa kanyang harap at naupo sa tapat niya.

“Yes, I did. I already love it here.” At hindi siya nagsisinungaling. Ireland was exactly how she imagined it. Maybe more. Sabi nga niya, lahat ng pangarap niya ay natupad na yata nang bumaba sila ni Patrick sa eroplano sa Dublin.

“Hindi mo naman kailangang magtrabaho na kaagad ngayon,” muli nitong sabi sa Ingles. “Magpahinga ka muna. O kung gusto mo, mamasyal ka na muna. Kilalanin mo ang Sligo Town. Sa Lunes ka na magsimula.”

Alas onse ng umaga hanggang alas dos

kinabukasan ang pub hours ng *O'Reilley's* mula Lunes hanggang Sabado. Alas onse naman ng umaga hanggang alas onse ng gabi kapag Linggo. Biyernes noon at gusto niyang mamasyal at libutin ang bago niyang tahanan.

“I’d love that,” nakangiti niyang sagot. “Mag-iikot muna ako dito ngayon.” Hinawakan niya ang kamay ng binata. “Patrick, thank you. Thank you very much.”

Ngumiti ito at lumapit sa kanya para gawaran siya ng halik sa kanyang noo. “No, Sweetie,” anito. “Thank you.”

Binigyan siya ng travel guide at mapa ni Patrick at binilinan na huwag masyadong lalayo. Nangako itong ililibot siya sa mga pasyalan at tourist spots kinabukasan.

Matapos ang almusal, muli niyang ginawaran ng halik sa pisngi ang lalaki bago siya lumabas ng pub. Malamig ang hangin at presko. Binutones ni Evie ang jacket at isinuot sa ulo ang isang bonnet bago nagsimulang maglakad.

Hindi muna siya gagamit ng mapa. Maliit lang naman ang Sligo Town kaya sigurado siyang hindi siya mawawala.

Nang malamang sa County Sligo nakatira si

Patrick, nagbasa siya tungkol sa parte na iyon ng Ireland. Alam niyang maganda ang buong bansa pero parang napamahal na sa kanya ang Sligo kahit hindi pa niya iyon nakikita.

Nasa pampang lamang ng Garavogue River ang Sligo Town. Sa di kalayuan, tanaw ang mga bundok ng Knocknarea at Benbulbin. Huminto siya sa paglalakad at huminga nang malalim. Gusto niyang maiyak habang nakatayo roon sa sidewalk. Wala siyang maisip sabihin kundi, “Thank you, Lord. Thank you.”

Nagpatuloy si Evie sa paglalakad at tiningala ang ibang mga establisyamento. Uso ang mga pubs o publican houses sa Ireland dahil likas na mahilig uminom at tumambay kasama ng mga kaibigan ang mga Irish. Marami ring mga restaurants at mga boutiques.

Pumasok din siya sa ilang mga museums at art galleries kung saan naka-display ang mga paintings ng iba’t ibang mga sceneries at mga prehistoric sites sa labas ng Sligo Town. Makikita niya nang tunay ang mga iyon kinabukasan, kapag namasyal na sila ni Patrick.

Nang lumabas si Evie ng art gallery, muli siyang naglakad patungo sa isang cafe na kung tawagin

at *The Tea House*. Umorder siya ng tsaang sandwich at naupo sa isang booth sa may bintana para tanaw niya ang kalye. Kailangan niyang kagatin ang pang-ibaba niyang labi para hindi mapangisi. Hindi niya akalaing posible palang maging ganito kasaya ang isang tao.

Tinitimplahan na niya ng asukal at gatas ang kanyang tsaang may lalaking tumigil sa tapat ng kanyang mesa. “Excuse me, Miss,” sabi nito. “May I share the table with you? There aren’t any vacant ones.”

May Irish lilt din ang tono ng pananalita ng lalaki at malalim ang tinig nito. Nag-angat siya ng mga mata at nagsimulang ngumiti. Para yatang nalunok niya ang kanyang dila nang makita ang guwapong mukha ng lalaking may hawak na isang tray ng pagkain.

Matangkad ito na may matipunong pangangatawan at kayumangging balat. Hindi ito mukhang Irish. Sa katunayan, mukha itong Pinoy. Kung hindi man, Irish ito na may lahing Pinoy. His face was lean, with sharp angles and masculine plains. Matangos ang ilong nito at dark brown ang mga mata. Maiksi ang itim nitong buhok at maayos ang pagkakagupit.

He also had the most sensual lips she had ever seen.

Matagal silang nagtitigan bago siya kumurap at tumango. “Yes,” aniya kahit pa parang may bara ang kanyang lalamunan.

“Thank you,” sabi nito bago sinilid ang sarili sa upuan sa tapat niya. Sinulyapan ni Evie ang cafe at nagulat nang makitang puno na pala iyon. Kanina kasi nang dumating siya, kakaunti pa lamang ang mga tao roon.

Parang may kuryenteng dumaloy sa kanyang katawan nang tamaan ng tuhod ng estranghero ang tuhod niya.

“Sorry,” sabi nito.

“It’s okay.” Tumungo siyang muli sa kanyang tsa.

Ano ba ito? Hindi siya mapakali! Tuhod lang iyon, ano ba? Bakit siya kinakabahan nang ganito?

Pero patuloy na dumadagundong ang kanyang puso at para bang kinakapos siya ng hininga. Nararamdaman kasi niyang nakatitig lang sa kanya ang lalaki. Manyak ba ito? Kidnapper at bigla na lang lalagyan ng pampatulog ang tsa niya?

Oh, my God! Baka ma-rape siya!

Pero hindi nagsalita ang kaharap at napansin niyang hinahaluan na nito ng asukal ang isang mug

ng kape. Kumakain na ang lalaki nang mapansin niyang hindi pa rin siya gumagalaw. Sinulyapan niya ang kaharap at nakitang nakatungo lamang ito at tahimik na kumakain.

“You’re not Irish, are you?” tanong ni Evie nang matalo ng sariling kuryosidad.

Nag-angat ito ng paningin. “I am,” sagot nito. “But I’m half-Filipino.”

Nagliwanag ang mga mata niya. “Pinoy ka rin?” masaya niyang tanong.

Doon siya pinagmasdan ng lalaki na para bang noon lang nito napansin na itim ang buhok niya, dark brown ang mga mata at kayumanggi rin ang balat.

“Oo,” sagot nito na may maliit na ngiti sa mga labi.

“Tingnan mo nga naman,” tawa niya. “Kahit saan talaga may Pilipino, ano?”

Ngumiti lamang muli ang lalaki bago tumungo sa kinakain. Isa iyong malaking sandwich na napapaligiran ng French fries.

Hmm, medyo challenging kausap ang lalaki pero ayaw palampasin ni Evie ang pagkakataon na may makilala at maging kaibigan siyang isa pang Pilipino.

Hindi naman siguro tulad ng Amerika ang Ireland na bawat kanto ay may Pilipino.

“Tagasaan ka dito?” tanong niya bago kumagat sa sariling sandwich.

“Sa labas lang ng Sligo Town,” sagot ng lalaki na bahagya lang nag-angat ng mukha.

Napabuntong-hininga si Evie dahil ang guwapo talaga nito. “Kailan ka pa rito?” patuloy niyang pangungulit.

“Since I was fifteen,” muli nitong tipid na sagot habang patuloy sa pagkain.

Patago na lang na pinanood ito ni Evie. Guwapo talaga ang estranghero, may pagkasuplado lang. At hindi siya manhid. Kung ayaw siyang kausap ng isang tao, hindi siya mangungulit. Marunong din naman siyang manahimik kung gusto ng kasama niya ng katahimikan.

Naunang natapos kumain ang lalaki at inaasahan niyang tatayo na ito at aalis. Hindi na nga niya ito hinintay na magpasalamat pero hindi umalis ang lalaki. Nag-angat siya ng paningin at nakitang nakatingin ito sa kanya. Nagtaas siya ng kilay.

“Bago ka ba rito?” tanong nito.

Wow! Nagboluntaryo ito na magtanong!

Tumango si Evie. “Kadarating ko lang kahapon. Ang haba pala ng biyahe, ano? Galing pa ako ng London sa lagay na ’to, ’tapos Dublin.”

Tumango rin ang lalaki at hindi na muling nagsalita. Binalikan na lamang niya ang sandwich. Medyo malaki kasi iyon kung kaya nahirapan siyang ubusin.

Nang matapos siyang kumain, nagulat pa siya nang itanong ng lalaki kung tatayo na siya.

Hinihintay ba talaga siya nito?

Sabay silang lumabas ng café at luminga-linga si Evie. Nang hindi makilala kung nasaan siya, hinila niya ang mapa mula sa dala niyang bag.

“Saan ka ba pupunta?” tanong ng lalaki at napalingon siya nang marinig ang tinig nito. Hindi pa pala ito umaalis.

“Papunta ako sa High Street,” aniya habang hinahanap ang tamang kalye sa bukas na mapa.

“Doon din ako papunta. Ihahatid na kita.”

Kumurap siya. Magtitiwala ba siya rito? Pilipino rin ito. Saka mukha namang mapagkakatiwalaan

kahit medyo suplado. Isa pa, hindi talaga niya maalala kung paano bumalik ng pub ni Patrick.

Bumuntong-hininga ang binata nang mahalata siguro ang pag-aalangan niya. Kinuha nito ang mapa, binuksan iyon at tinuro ang rutang daraanan nila.

“Nandito tayo ngayon sa O’Connell Street,” sabi nito. “Liliko tayo ng Grattan Street, ’tapos sa Market Street, ’tapos High Street. Kapag niliko kita sa ibang daan, buksan mo ang bintana ng kotse ’tapos tumawag ka na ng pulis.”

Muli siyang namula at natawa. “Sorry,” sabi niya. “Ang transparent ko pala.”

“Dapat naman talagang hindi ka kaagad magtiwala sa mga estranghero. Iyon nga lang, nakakainis iyon para sa isang estranghero na maganda naman ang intensyon,” anito. “Gusto ko lang magpasalamat sa pagpapa-share mo ng mesa kanina.”

“Wala ’yon,” sagot ni Evie habang sumusunod sa lalaki patungo sa isang kotse sa maliit na eskinita sa likod ng café.

Hindi na niya tiningnan ang mapa na dala nang magsimulang magmaneho ang lalaki. Nagtiwala na lang siya rito. At hindi ba nakakatawa iyon? Ni

hindi niya alam ang pangalan ng binata. Siguro mga sampung minuto pa lamang ay nakita na niya ang pamilyar na kalye.

“Ayan,” sabi niya. “Hindi na ako mawawala. Diyan na lang ako, sa *O’Reilley’s*.”

Sinulyapan siya ng binata bago nito niliko ang kotse sa isang kalye bago muling lumiko sa isang eskinita sa likod ng pub. Hindi pa sila nakakalapit, nakita na niya si Patrick na nakatayo sa tapat ng pinto ng kusina at naninigarilyo. Nakita nito ang kotse at tila ba nakilala ang sasakyan.

Inalis niya ang seatbelt at sinulyapan ang katabi. “Thank you,” aniya. “It’s nice meeting you.”

Binuksan niya ang pinto at bumaba ng sasakyan. Nakita niya ang gulat sa mga mata ni Patrick bago siya nito sinalubong ng yakap. Nilingon niya ang kotse ng binata at nakitang bumaba rin doon ang estranghero. Kunot-noo itong nakatingin sa kanyang nobyo.

“Sweetheart,” tanong ni Patrick sa kanya, “how ever did you find my brother?”

2

Mahigpit ang pagkakahawak ni Sean O'Reilley sa manibela habang pinapanood ang dalagang lumapit sa kanyang Kuya Patrick. Sino ang babaeng ito at bakit yakap ito ng kanyang kapatid?

Nang pumasok siya sa cafe kanina, ito kaagad ang nakita niya. She was so ethereally beautiful. Petite and slim, with an angelic face and a potent smile that was like a shot of whiskey. At nang tumayo sila, noon niya napansin ang magandang hubog ng katawan nito na halata sa suot na jeans at light blue turtleneck sweater.

Nagmukhang mataba ang lahat ng mga babaeng nakilala niya. Ang alam ni Sean, blonde at blue-eyed ang tipo niyang mga babae, hindi mga morenang Filipina. Hindi niya alam kung bakit ganoon na lang ang epekto sa katawan niya ng isang anghel na may itim na buhok at kayumangging balat.

Nang muli niyang tingnan ang dalawa, nakatayo na lamang ang dalaga habang yakap ng kanyang kuya. Nakatingin ito sa kanya na tila ba hinihintay siya.

Pinakawalan ni Patrick ang babae bago lumapit sa kanya at siya naman ang niyakap. Naamoy niya sa suot nitong t-shirt ang pabango ng dalaga.

“Akala ko, hindi ka pa uuwi! And I can’t believe you met Evie,” masaya nitong saad habang tinatapik ang kanyang likod. “It really is a small world.”

“I haven’t,” sagot niya na sinulyapan ang dalaga. “I thought I was just driving her over to High Street.”

“Well,” sabi ni Patrick na kinuha ang kamay ng dalaga. “I’d like you to meet Evangeline, my fiancée.”

Muli niya itong hinarap na blangko ang ekspresyon sa mukha. Fiancée? Fiancée ito ng kanyang kapatid?

“Evie,” patuloy ni Patrick. “This is one of my brothers, Sean. Our youngest brother Grady is already inside. You’ll meet him, too.”

Tumango siya kay Evie para ipahiwatig na pormal na niya itong kilala bago muling hinarap ang kapatid. Nang magsalita siya, Irish Gaelic na ang gamit niyang lengguwahe. “Ano’ng ibig sabihin nito, Kuya?” tanong niya na mababa ang tinig.

“Ibig sabihin, mag-aasawa na ako,” nakangising turan nito sa kanilang lengguwahe.

“Kailan mo pa siya nakilala? Kailan mo pa siya

naging fiancée? At bakit hindi mo sinabi sa 'kin?"

Muli siyang tinapik ng kapatid sa kanyang likod. "Mamaya na tayo mag-usap. Baka makahalata siya sa 'ting dalawa." Muli itong nagsimulang mag-English. "Come inside. Have you eaten?"

Hindi siya sumagot. Bagkus, blangko ang kanyang ekspresyon nang muli niyang sulyapan ang dalaga. May pag-aalala sa mga mata nito habang nakatingin sa kanya. Hindi niya ito muling tiningnan nang pumasok siya sa kusina.

Hindi siya tanga. Hindi na kaila sa kanya ang mga babaeng naghahanap ng asawa sa Internet at iyong mga nagbebenta ng sarili kapalit ng citizenship. Hindi imposible na mail-order bride ang dalaga.

Maganda si Evie. Mukhang inosente, mukhang mabait. Hindi porke mukha itong hindi makabasag-pinggan, ibig nang sabihin ay hindi ito gold-digger at manggagamit. Akalain ba niyang pati siya ay muntik na nitong mabiktima? Ginamitan lang siya nito ng inosenteng ngiti at nagkunwaring sweet at mahiyain.

Nagkuyom si Sean ng palad. Kakausapin niya si Patrick tungkol sa dalaga at sisiguraduhin niyang walang makukuha ni isang kusing ng pera ng kanyang kapatid ang babae.

“Why don’t you go up and rest, Sweetie,” sabi ni Patrick sa dalaga. “I’ll just talk to my brother.”

Tumango si Evie at lumabas ng kusina. Nang magsara ang pinto sa likuran nito, agad na binalingan ni Sean si Patrick.

“Talk,” marahas niyang utos. “From the beginning.”

Bumuntong-hininga si Patrick. “Why don’t you sit down and have a beer with me?”

Naupo siya sa isang silya na nakapalibot sa island sa gitna ng kusina at tinanggap ang isang bote ng beer mula sa kapatid.

“I met her over the Internet,” simula ni Patrick at malutong na napamura si Sean.

“So mail-order bride siya?” tanong niya sa Ingles. Tumango ang kanyang kuya at uminom ng beer. “At dinala mo siya dito. Sa Ireland.”

Muling tumango si Patrick. “Nagpalitan kami ng email at nag-usap sa video chat. Mabait siya at nagkasundo kami.”

He snorted. “Pusta ko, kahit si Satanas ka, magkakasundo kayo dahil gusto niya ng visa.”

Nagdilim ang mukha ng kanyang kapatid pero hindi nito sinagot ang pasaring niya. “Gusto kong mag-asawa. Ayokong manligaw. Inaya ko siyang magpakasal at pumayag siya. Nandito siya nang isa’t kalahating buwan para tingnan kung babagay kaming dalawa. Gusto ko si Evie, Sean. At habang nandito siya, itatrato mo siya bilang parte ng pamilya.”

“Pag lumampas ang isa’t kalahating buwan at napatunayan n’yong hindi kayo bagay, ano na? Pakakawalan mo na lang ba siya dito sa Ireland?”

Nagkibit si Patrick. “Desisyon na niya iyon kung ano ang gusto niyang gawin. Puwede siyang umuwi ng Pilipinas kung gusto niya. Puwede rin siyang tumira rito sa ’kin.”

Pumalatak si Sean. “Alam mo ang problema mo, Kuya? Masyado kang mabait. Pakakasalan ka ng babaeng ’yon dahil mabibigyan mo siya ng visa. ’Tapos kung hindi naman, bibigyan mo pa rin siya ng trabaho at patitirahin dito? Hindi ka ba natatakot na peperahan ka lang niyan?”

Umangat ang isang dulo ng mga labi ni Patrick. “Sean, kung ’yan ang inisip ko tungkol sa inyo ni Grady, wala kayo rito sa Ireland ngayon.”

Napailing si Sean. “Iba ako. Kapatid mo ako.

Mahal kita.”

Tumayo si Patrick at inilagay sa lalagyan ng mga basyo ang wala nang lamang bote ng beer. “At tinuturing ko na ring kaibigan si Evie. Ninety days lang, Sean. Bigyan mo lang siya ng pagkakataon. Magugustuhan mo rin siya.”

Tiim-bagang si Sean habang nakaupo. Haluhalo ang nadarama niya. Naiinis siya sa kanyang kuya at naaawa na nagpapagamit ito sa isang babae dahil nadala ito sa kagandahan ni Evie. At galit siya sa babae dahil nakuha nitong isahan ang isang napakabait na lalaki.

Ang hindi niya maamin ay nakakadama rin siya ng disappointment at betrayal. Dahil unang beses siyang nakadama ng atraksyon para sa isang babae sa matagal na panahon, mababang uri pa ang natipuhan niya.

Nakuhang iwasan ni Sean si Evie nang buong araw na iyon. Nagdahilan siya sa kanyang kapatid na napagod sa pagmamaneho mula Dublin patungong Sligo kung kaya hindi muna siya papasok sa pub nang araw na iyon kung saan tumatayo siyang bartender. Umuwi muna siya sa bahay ni Patrick dahil tulad

ni Goldilocks sa kama ni Baby Bear, silid niya sa ikalawang palapag ng pub ang napiling tuluyan ni Evie.

Sa totoo lang, hindi naman siya napagod sa biyahe. Maliit na bansa lamang ang Ireland. Mula Dublin na nasa kabilang dulo ng isla mula Sligo, halos apat na oras lamang ang biyahe pauwi. Tanda na lang ng pagiging mabait ng kanyang kuya na hindi siya nito kinuwestyon. Basta sinabi ni Sean na pagod siya, pauwiin siya ni Patrick at patutulugin kahit pa nagsisinungaling lang siya.

Kung siya ngang kapatid nito, nakukuhang isahan ang lalaki, ibang tao pa kaya? Muli na namang nag-init ang ulo ni Sean.

Bumaba siya sa opisina ng kanyang kuya at binuhay ang computer nito. Kumunekta siya sa Internet at binuksan ang browser na gamit ng kapatid. Sa listahan ng mga websites na binibisita nito, nakita ng binata ang dating website na malamang ay sinalihan ng kapatid. Hindi naka-log out doon si Patrick pero dahil hindi naman sang-ayon si Sean sa violation of privacy, hindi niya binasa ang mga email at mensahe na naroon. Binuksan lamang niya ang webpage kung saan naroon ang page ni Evie.

Nagngalit na naman siya ng ngipin nang makita

ang larawan nito. Naka-sleeveless na blusa ang dalaga sa picture. Nakalugay ang mahaba at unat na buhok at nakangiti na para na namang anghel na bumaba galing sa langit.

Sininghalan ni Sean ang larawan bago binasa ang profile nito. Twenty-five years old galing sa San Jose, Nueva Ecija. Nagtapos ito ng Accounting sa *University of Central Luzon*. Mahilig itong magbasa at tulad ni Patrick, paborito nitong poet si William Butler Yeats. May sinulat na tula ang manunulat na iyon tungkol sa Sligo. Malamang iyon ang naging dahilan kung bakit nakipagkaibigan si Patrick sa dalaga.

Pinatay ni Sean ang computer at muling umakyat ng kanyang silid.

Mukhang magaling na manloloko ang babae at mabilis namang maloko ang kanyang kuya dahil mabait ito. Puwes, si Sean ay hindi mabait.

At gagawin niya ang lahat para protektahan ang kapatid. Papatunayan niyang mali na nagtiwala si Patrick dito. Kung kailangan niya itong akitin para lang mapatunayan na masama itong babae, gagawin niya.

3

Halos hindi nakatulog si Evie noong nakaraang gabi dahil sa magkahalong excitement na mamamasyal siya sa karatig bayan ng Sligo kinabukasan, at sa pagtataka kung bakit parang ganoon na lang ang galit ni Sean sa kanya. Hindi siya makapaniwala na kapatid pala ito ni Patrick.

Nakilala rin niya ang bunso ng mga ito na si Grady. Doon din ito nagtatrabaho sa pub bilang serbidor. Kahit pa isa ito sa mga may-ari, ayaw ng binata ang maupo lang at magbilang ng kita.

Mas magiliw ang pagtanggap ni Grady sa kanya. Palabiro ito at mas malapit kay Patrick ang ugali kahit pa mas kamukha ito ni Sean.

Ikinuwento rin ng kanyang fiancé ang istorya nina Sean at Grady habang naghahapunan sila kung saan hindi sumali si Sean.

“My father left my mother for Sean and Grady’s mother,” kuwento ni Patrick. “He went to Manila when I was eleven to work there. He never came back. When my mom went to the Philippines to look for him, we found out that he was already living with a Filipina and that

they already had a son. My mom couldn't file for divorce because divorce was illegal in Ireland at that time, but they were separated in every way. Fifteen years later, we found out that my father and his wife had died in an accident. He had also made me Sean and Grady's legal guardian. So I went to the Philippines to fetch the two of them and took them back here to live with me."

Doon lang din napatunayan ni Evie kung gaano kabait ang kanyang nobyo. Kung puwede niya lang sanang mahalín talaga ito bilang tunay na asawa, baka ginawa na niya.

Hindi rin niya maintindihan kung bakít ganóon na lang siya tingnan ni Sean nang malaman nitong nobyo na niya ang kuya nito. Mahirap bang isipin na nahulog ang loob ni Patrick sa kanya?

Kahit hindi masyadong nakatulog, bumangon na si Evie at gumayak na para sa araw na iyon. Saka na niya poproblemahin si Sean. Mamasyal siya ngayon. Ang kailangan lang niyang ipag-alala ay kung may baterya ang camera niya at kung marami pang space ang kanyang memory card dahil siguradong libu-libong larawan ang kukunin niya nang araw na iyon. Ipapadala niya iyon sa kapatid na si Rosalie na naiwan sa Nueva Ecija.

Nang bumaba si Evie, natigilan siya sa pinto ng

kusina dahil naroon ang magkakapatid. Nag-uusap ang tatlo sa lengguwaheng hindi niya naiintindihan. Alam lamang niya ang ilang salita ng Irish Gaelic pero hindi siya marunong magsalita niyon. At dahil masyadong seryoso ang tatlo, hindi napansin ng mga ito na nakatayo na pala siya sa di kalayuan.

Pinagmasdan ni Evie ang magkakapatid. Magkakamukha nga ang mga ito. Iba lang ang kulay ng mga mata pero pare-parehas ng features. Mas matinkad lang ang kaguwapuhan ni Sean siguro dahil Pilipino ito. At guwapo rin naman si Grady pero parang mas napuruhan ito ng dugong Irish.

Si Sean din ang unang nakapansin sa kanya. Nag-angat ito ng ulo at marahan siyang sinulyapan. Hindi ito ngumiti. Pumasok na lamang siya ng kusina at dumerecho kay Patrick.

“Good morning, Sweetie,” bati nito bago siya hinalikan sa sentido. Nahalata niyang nagngalit ng ngipin si Sean pero hindi ito nagsalita.

“Good morning to you, too, Sweetie!” masayang sabat ni Grady na ikinatawa ni Evie.

“I have some bad news,” nakalabing saad ng kanyang nobyo at binalingan niya ito. “I have some business to look into in Dublin today so I won’t be

able to go with you to look around. I'll also be gone until Monday morning.”

Nanlumo si Evie pero pinilit pa rin niyang ngumiti. “That’s too bad,” aniya pero hindi niya lubusang naitago ang disappointment. “It’s okay. We can just go some other time.”

Hinaplos nito ang kanyang pisngi bago sinulyapan ang kapatid. “Just because I can’t take you, doesn’t mean you shouldn’t go. Sean can take you!”

“What? No!” sabay nilang bulalas ni Sean.

“Of course he can,” pilit ni Patrick sa kanya. “Of course you can,” baling nito sa kapatid. “Puwede mo siyang dalhin sa *Carrowmore Megalithic Cemetery* saka sa *Knocknarea Cairn*,” patuloy nito sa Ingles bago siya muling hinarap. “Sige na, magpasama ka na kay Sean. Hindi ko kasi alam kung kailan ako ulit magkakaroon ng libreng oras. At least ngayon, puwede ka niyang samahan. Si Gray na ang maiiwan dito sa pub.”

Sinulyapan ni Evie si Sean. Parang inukit sa bato ang hitsura nito.

“Nakakahiya naman kay Sean.”

“Okay lang sa kanya. Di ba, Sean? Okay lang sa

'yo?"

Mas lalong nagdilim ang mukha ng binata pero kinuha nito ang mug ng tsa. "May magagawa pa ba ako?"

Tumawa si Patrick, siguro sa pag-aakalang nagbibiro ang kapatid. Hinarap siya nitong muli at kinuha ang kanyang kamay bago iyon hinalikan. "Go on. Eat your breakfast so that you can be on your way."

Tahimik niyang kinain ang niluto nitong potato omelet bago sumunod kay Sean sa kotse nito. Masaya silang kinawayan ni Patrick bago tuluyang umandar paalis ang sasakyan.

Tahimik na nagmaneho si Sean. Hindi niya alam kung nagtitimpi lang ba ito o ayaw lang talaga siyang makausap. At dahil ayaw ni Evie ng ganoong klase ng katahimikan, nanguna siya.

"May problema ba?" tanong niya.

"Wala."

Natawa si Evie. "Para kang babae," biro niya. "Kapag tinanong mo kung may problema, isasagot, 'wala' kahit obvious na obvious namang may problema."

Hindi sumagot ang binata.

“Galit ka ba sa ’kin?”

Hindi pa rin sumagot si Sean. Inabot pa nito ang radyo at pinindot ang switch kung kaya dumagundong ang isang malakas na rock song hanggang sa kahit sarili niyang pag-iisip ay hindi na marinig ni Evie. Bumuntong-hininga siya at tumingin na lamang sa bintana.

Nasa Ireland siya. Nasa Sligo. Pupunta sila sa dalawa sa mga pinaka-historic na lugar sa buong mundo. Hindi niya maaaring hayaang sirain ng isang lalaking nagtatampururot ang kanyang mood.

At nalimutan na nga ni Evie ang lalaki nang mamataan sa di kalayuan ang mga naglalakihang stone circles sa isa sa pinakamatatandang prehistoric sites sa buong Europa.

“Wow,” bulong niya.

Lumiko ang kotse ni Sean sa isang parking lot at bumaba sila ng sasakyan. Kung hindi siguro hinawakan ng lalaki ang kanyang siko para igiya siya patungo sa visitors’ building baka dumerecho na siya patungo sa isa sa maliliit na stone circles sa tapat lamang ng paradahan.

Nagbayad si Sean ng entrance fee bago sila muling lumabas patungo sa mga pathways na dumederecho sa unang burial site. Kumuha siya ng mga larawan at tila ba manghang-mangha na nilapitan ang mga bato. Pakiramdam kasi ni Evie, ibinalik siya ng mga ito sa panahon na hindi pa nagsisimula ang kuwento ng mundo.

“Alam mo bang ang ibang mga istraktura dito ay mga six thousand years old na?” mahina niyang tanong kay Sean.

“Oo,” sagot ng binata. “Irish ako, remember?”

Dahil sa gulat na sinagot siya nito, napabalikwas siya paharap sa kasama. Salubong ang mga kilay nito habang nakatingin sa kanya. May apoy ng galit sa mga mata ng binata at napaatras si Evie sa kaba. Para kasing iyon na ang matagal na nitong hinihintay na pagkakataon para komprontahin siya. Humakbang palapit sa kanya ang binata.

“Bakit mo gustong pakasalan ang kapatid ko?” mahina nitong tanong.

“I like your brother.”

“Don’t lie to me,” singhal ng binata. “Gusto mo ng Irish citizenship.”

Napalunok si Evie pero nainis siya sa sarili dahil nagpapa-intimidate siya sa lalaki. Tiningala niya ito at tiningnan nang derecho sa mga mata. “Alam mo naman pala, eh.”

“Nakita ko ang profile mo sa dating site,” patuloy ng lalaki. “Maraming nag-add sa ’yo na taga-Ireland. Bakit kapatid ko ang napili mo?”

“Dahil mabait siya.”

“Mabait?” Sean laughed harshly. “O mayaman? Tiningnan ko ang ibang mga nag-add sa ’yo. Mga magsasaka, mangingisda, mga laborer. Si Patrick ang pinakamayaman sa mga naroon.”

Namilog ang mga mata ni Evie sa pagkainsulto. Ang totoo, si Patrick ang unang lalaking nag-add sa kanya sa dating site na sinalihan niya. Mula nang makilala niya ang binata, hindi na siya nagpakita ng interes sa ibang mga nag-add sa kanya kung kaya hindi niya alam kung mangingisda, magsasaka o laborer ang trabaho ng ibang gustong makipagkilala sa kanya.

“I have money,” patuloy ni Sean na tumayo sa kanyang harap. Napakalapit nito sa kanya na halos dumikit na ang dibdib niya sa dibdib nito. Kung huminga lamang siya nang malalim, sigurado siyang

magdidikit ang kanilang mga katawan. Tiningala niya ito. His eyes were dark with something she couldn't name.

“I own one-third of the pub,” patuloy ng lalaki. Patuloy ring dumagundong ang kanyang puso lalo na nang umikot sa kanyang baywang ang mga braso nito. “And I have a house in Dublin. I have most of the money our father left me. Most of all, Irish citizen din ako.”

Hinila siya ni Sean palapit at nagdikit ang kanilang mga katawan. Naagapan ni Evie na itaas ang kanyang mga kamay kaya naipit iyon sa pagitan ng kanilang mga dibdib.

“Sean, please,” mahina niyang untag. Pero tila ba hindi siya narinig ng binata. Na-hypnotise siya ng mga mata nito. Bumaba ang mukha nito at naglapat ang kanilang mga labi. Heat sizzled in her blood. Namilog ang kanyang mga mata sa gulat at parang nabingi siya sa lakas ng tibok ng kanyang puso.

His lips were hard and relentless. And when she gasped, he slid his tongue between her lips. Napaungol si Evie at sa wakas ay pumikit siya. Umakyat sa balikat ng binata ang kanyang mga kamay hanggang sa nakakapit na siya rito na para bang mahuhulog siya kapag binitawan ng lalaki. Nadarama niya ang init

ng katawan ng binata. Umakyat sa kanyang ulo ang lasa nito.

Bumaba sa leeg niya ang mga labi ni Sean at humigpit naman sa batok nito ang kanyang kamay. Hindi siya makahinga.

“See?” bulong ng lalaki habang gumagapang paakyat sa kanyang tainga ang mga halik nito. “I’m as good as my brother. In fact, I could be better.”

Nag-angat ito ng ulo para muling tingnan ang namumulang mukha ni Evie. Namimilog lamang ang kanyang mga mata at nakaawang ang mga labi. Hindi niya maintindihan ang sinasabi nito at umiling siya. “What—ano?”

Nakita niyang muling nagdilim ang mukha ni Sean. Napalitan ng pagkainis ang sensuwal na ekspresyon nito. Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat.

“S’abi ko, kung Irishman lang ang gusto mo, ako na lang. Huwag na ang kuya ko. He shouldn’t have to handle a manipulative, gold-digging woman like you.”

Bago pa nalaman ni Evie ang sariling intensyon, lumipad na ang isa niyang palad at tinamaan na noon ang pisngi ng binata. Siguro dala ng gulat, binitawan

siya nito pero muli siyang hinarap na masidhi ang mga mata.

“You bastard!” sigaw ng dalaga, hindi iniinda ang madilim na galit sa mga mata ni Sean. *Manipulative, gold-digging woman? Manipulative. Gold-digging woman?* “You have no right to call me names dahil hindi mo alam kung ano ang relasyon namin ni Patrick!” siya namang singhal niya. “At kung gusto mo ’kong akitin para patunayang pariwara akong babae, aabutin ka ng siyam-siyam bago mo magawa ’yon! I am your brother’s fiancée and I will marry your brother because we want to be married. Don’t you ever touch me again!”

Tinalikuran niya ito at mabilis na nilayuan. Nagsimula siyang tumakbo nang marating niya ang pathway. Hindi alam ni Evie kung saan siya pupunta, basta tumakbo siya. Huminto lamang siya nang nananakit na ang kanyang tagiliran at hindi na siya makahinga sa pagod. Idinantay niya ang isang palad sa isang malaking bato at huminga nang malalim.

Naninikip ang dibdib ni Evie, siguro dahil sa kawalan ng hangin at sa galit sa antipatikong si Sean.

Manipulative, gold-digging woman!

Gusto niyang suntukin ang bato na mas matangkad

pa sa kanya pero naisip niyang baka mabalian siya ng mga daliri kapag ginawa niya iyon o kaya ay bigla niyang maguho ang pagkakapatong-patong ng mga bato. Magiging bastos siya sa kasaysayan kapag nasira niya iyon.

She was not a manipulative gold-digger. Hindi niya inakit si Patrick. Pakakasalan niya ang lalaki para sa citizenship, pero hindi pera nito ang habol niya. Magtatrabaho siya sa Ireland para sa sarili niyang pera at hindi siya aasa sa magiging asawa.

Padabog siyang humakbang ngunit bigla siyang napatili nang lumusot ang kanyang paa sa isang butas sa lupa na hindi niya napansin. Rumagasa ang sakit sa kanyang binti mula sa paa na na-sprain yata niya. Napaluhod si Evie sa damuhan bago siya umikot at naupo.

Napuno ng luha ang kanyang mga mata dahil sa magkahalong sakit sa paa at sa pagkainis kay Sean. Kung hindi dahil sa walanghiyang iyon, hindi ito mangyayari!

Idagdag pang nagsimula nang umambon. Inirapan ni Evie ang langit. Inis na inis siya. Ilang araw pa lamang ang nakakaraan, akala niya, nagkatotoo na ang lahat ng kanyang mga pangarap. Her life was perfect.

Irish Nights - Elise Estrella

Pagkatapos dumating ang walanghiyang lalaking iyon na kung tumingin sa kanya ay para siyang iyong ahas sa paraiso na nag-udyok kay Eba na akitin si Adan sa pagkakasala.

Mas malala pa dahil hindi niya maipaliwanag ang mga emosyong binuhay ni Sean sa kanyang katawan nang halikan siya nito. Yumukod si Evie at niyakap ang kanyang mga tuhod. Paanong bigla na lang nagkaganito ang kanyang perpektong buhay?